ISSN: 2546-0526

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

MAIL PERMIT NO. 2c-17-05-522
OFFICE OF ENTRY: BACOOR CITY, CAVITE
ENTERED AS 1ST CLASS

Taon 4 • Blg. 3 | Mayo 27-Hunyo 2, 2019 • | P10.00




# MIYEMBRO NG LGBT TIKLO, ‘NANGGANTSO’ NG NEGOSYANTE

pahina 2

## Go For Gold ay nakatutok sa U23 category sa PRU Ride PH

p. 6

## HANEP ‘Basahin Mo Ito’ ikatatlong anibersaryo

pahina 4

## DOH PROVIDES TRAINING ON MENU PLANNING FOR NUTRITIONISTS OF CALABARZON

pahina 7

## BREAKING COMMUNICATION BARRIERS THRU SIGN LANGUAGE TRAINING

pahina 5

## ANNUAL NUTRITION EVALUATION, ON-GOING IN CAVITE PROVINCE

p. 8

## SC ASKS SOLONS TO REVIEW LAW ON CHILD ABUSE

p.11

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

# MIYEMBRO NG LGBT TIKLO, 'NANGGANTSO' NG NEGOSYANTE

**ARESTADO sa isang entrapment operations ang isang 24-anyos na miyembro ng LGBT sa aktong kinukuha nito ang perang padala ng isang lalaking negosyante na binantaan na ilalabas ang hubad na larawan kung hindi magbibigay ng pera sa GMA, Cavite.**

Robbery Extortion ang isinampang kaso laban sa naarestong suspek na si Gerome Malicdim, alias "Gerome Celda," ng Block 6 Excess Lot Brgy. Poblacion 5 GMA, dahil sa reklamo ni Edmond Salomon, 30, binata, negosyante, ng Block 10 Lot 77 Mayor's Drive, Brgy. Ramon Cruz, GMA.

Sa ulat ni PSSgt Bobbie Balazo, ng GMA Municipal Police Station, dakong alas-6:30 ng gabi nang dakpin ang suspek habang nasa aktong inilalabas nito ang perang padala sa kanya ni Salomon sa isang pera padala center sa Brgy Dacon.

Sa reklamo ng biktima, nagkakilala sila ng suspek sa pamagitan ng social media (Facebook) kung saan inakala nito na isang babae si Malicdim.

Nagpatuloy ang kanilang pagkakaibigan hanggang sa unang nagpadala ng hubad na larawan si Malicdim hanggang sa nahikayat din nito ang biktima na magpadala ng video na hubad nitong larawan hanggang sa lumaon ay humingi na ito pera at nagbanta na kung hindi ito magbibigay ay ilalabas nito sa Facebook ang mga hubad nitong larawan at mga videos.

Noong una ay nagpadala ng halagang P2,000 ang biktima subalit muling humingi at nagbanta at dahil alam na niya kung saan kinukuha ng suspek ang pera ay nagsumbong ang biktima sa pulisya kung saan ikinasa ang entrapment operation at sa aktong inilalabas ang ipinadalng cash ng biktima ay naaresto ang suspek. **GENE ADSUARA**

# Nadaganan ng makina, 1 patay 1 sugatan

**NASAWI** ang isang 41-anyos na equipment techician habang sugatan ang kanyang facility supervisor nang kapwa madaganan ng isang blistering machine nang bumagsak mula sa jack lift habang inaayos sa loob ng isang kumpanya sa Silang, Cavite.

Kapwa isinugod sa Silang Specialist Hospital ang biktimang si Bernard Bagacina, may-asawa, ng Brgy Tubigan, Binan City, Laguna; at Fernan Managuit, 41, may-asawa, ng Block 5 Lot 3-D Camellla Homes, San Pedro City, Laguna, kapwa empleyado ng Nutratech Biofarm, subalit namatay habang ginagamot si Bagacina.

Sa ulat ni PCMSgt Eric Amojia. ng Silang Municipal Police Statation, dakong alas-8:45 ng umaga nang naganap ang insidente sa loob ng Nutratech Biofarm sa Brgy Balubad, 2nd Silang, Cavite kung saan ang mga biktima at empleyadong sina Philip John Aligoza at Jevy Mendoza ay natulung-tulong upang ilipat ang isang blistering machine na gawa sa bakal at stainless at may bigat na 1,500 kilograms gamit ang isang heavy duty jack lift na inooperate ni Aligonza.

Habang ang nasabing blistering machine ay nakaangat mula sa jack lift, pumailalim si Bagacina habang umaalalay naman si Managuit upang i-adjust ang bolt upang maipantay sa taas ng jacklift subalit bumagsak ang blistering machine at nadaganan ang dalawa.

Mabilis na isinugod ang dalawa sa ospital subalit dakaong alas-9:00 ng umaga nang ideklarang patay si Bagacina. **GENE ADSUARA**

# Cavite Province Hosts the 2019 Brigada Eskwela National Kick-Off and Caravan

With this year's theme, *"Matatag na Bayan para sa Maunlad na Paaralan",* the Department of Education (DepEd) spearheaded the 2019 Brigada Eskwela National Kick-off and Caravan held at Alfonso Central School in Alfonso Cavite on May 16, 2019. The event was attended by DepEd key officials from the Central, Regional and CALABARZON Division Offices.

Undersecretary for Legislative Affairs, External Partnerships and Project Management Service Tonisito Umali discussed the overview of the Brigada Eskwela Program which was first launched in 2003. He recounted that during the first implementation of the program, they expected only 4,000 schools will participate but fortunately a total of 12, 533 schools participated the said program. In 2008, Brigada Eskwela was institutionalized and permanently became part of the school calendar nationwide.

DepEd Undersecretary Annalyn M. Sevilla delivered a message from DepEd Secretary Leonor Magtolis Briones who was not able to grace the event. In her letter, she emphasized that Brigada Eskwela is not the school or the teacher's responsibility alone, but is primarily the responsibility of the community – it is a national responsibility.

In a press conference conducted after the program, Usec. Sevilla said that approximately 26, 000 classrooms will be built nationwide and also highlighted the importance of the activity towards a better learning environment. She stated that Brigada Eskwela does not end in a week-long activity but it should be yearlong activity to ensure quality basic education for all learners.

Part of the Kick-off activity was the Brigada Eskwela Bayanihan in Pansin Elementary School and Kaysuyo National High School. The said schools received donations which include cleaning materials, paint materials and cement from private stakeholders.

Advocacy campaigns and orientation about anti-illegal drugs, disaster and livelihood trainings were also done simultaneously. Cavite products were also showcased in a trade fair exhibit.

Alfonso Mayor Virgilio Varias and DepEd-Cavite Schools Division Superintendent Cherrylou D. Repia warmly welcomed all the delegates. Other guests present were Silang Mayor Omil Poblete, Mendez Mayor Eric Vida, Amadeo Vice Mayor Junel Bayot, Alfonso Vice Mayor Randy Salamat, Magallanes Councilor Aina Sisante and PYSDO Head Vince Bae, on behalf of Gov. Boying Remulla.

Brigada Eskwela or National Schools Maintenance Week will be observed in all public elementary and secondary schools on May 20-25, 2019. **PICAD**



# 7 katao huli sa pagdukot sa seaman at kasamang babae

PITONG katao kabilang ang tatlong babae ang naaresto ng Cavite Police dahil sa pagdukot sa isang 25-anyos na seaman at kasama nitong babae sa Imus City, Cavite.

Inimbestigahan ang mga naarestong suspek na sina Floyd Ordoñez, 36, may-asawa, ng Zone 1, San Agustine, Dasmariñas City, Cavite; Arwin Varrios , 35, may-asawa, ng 67 Manggos 1, Alfonso, Cavite; Allan Sundiam, 39, may-asawa ng, 24 Arcontica Village, Dasmariñas City, Cavite; Mark Angel Andamon, 27, may-asawa, security guard, ng B7, L25, ACM Homes, Anabu 2B, Imus City, Cavite; Princess Sarmiento, 23, dalaga, ng B56, L10, Golden City, Anabu 2F, Imus City, Cavite; Princess Joy Poras, 19, dalaga, ng B188, L13, P4, Paliparan 1, Dasmariñas City, Cavite; at Jackielou Bernal, 38, may-asawa, ng 4 Arcontica Village, Dasmariñas City, Cavite dahil sa umano'y pagdukot kina Sherwin Allen Legaspi, ng B6, L20, Pioneer Ave., Villa Isabel, Burol Main, Dasmariñas City, at Patricia Dante, 19, ng B-GA, L15, San Lorenzo Ruiz, Dasmariñas City.

Sa ulat ni PSSgt Mark Anthony Salvador, ng Imus City Police Station, dakong alas-4:00 ng hapon nang nakatanggap ng tawag ang Imus CPS hinggil umano'y pagdukot sa mga biktima sa Brangay Anabu 1D, Imus City.

Agad namang nagresponde ang awtoridad kung saan naaresto ang mga suspek.

Ayon kay Sherwin, humihingi umano ang mga suspek ng halagang P40,000 sa magulang nito kapalit ng kanyang paglaya.

Ayon din kay Patricia, nakatakas siya mula sa mga dumukot sa kanila habang ang mga ito ay tulog at nagsumbong sa pinakamalapit na barangay na siyang nag-report sa pulisya at nagreesulta sa pagkakaaresto ng mga suspek.

Nakuha sa mga suspek ang isang kalibre 45 na baril, 11 bala, isang kalibre 38 at 5 bala, 8 hinihinalang plastic sachet ng pinatuyong marijuana , 3 sachet ng shabu, 9 na cellphones at drug paraphernalia.

Tumanggi naman si Salavador na magbigay ng anumang detalye hinggil sa pagdukot sa seaman at tanging si PLt Coronel Jose Junar Alamo, hepe ng Imus City Police Station, lamang ang maaring magbigay subalit hindi rin makunan ng impormasyon matapos na isugod sa ospital dahil sa init ng panahon.

Kidnapping at paglabag sa RA 10591 at RA 9165 ang isinampang kaso laban sa mga suspek.GENE ADSUARA



NAG-INSPEKSYON sina Paranaque City Mayor Edwin L. Olivarez, MMDA Gen. Manager Jojo Garcia, CENRO-head Bernie Amurao , mga tauhan ng Mayor's Action Team sa pamunuan ni Andrade, Konsehal Pablo Gabriel kasama rin ang mga kagawad na sina Boy Gabriel, Boy Fernandez, Vincent Mangosing at Elmer Agnas ganoon din ang mga volunteer ng DENR, tauhan ng CENRO at ng MMDA at ang PCP -1 sa pamumuno ni P/Major Ohmar Ramos Bognot kasabay ng isinagawang clean up drive sa creek ng Sitio San Juan, Baclaran at boundary ng Brgy. Santo Nino, Pasay City. (JIMMY HAO)

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Sinaniban man o hindi

**MALAGIM** ang sinapit na kamatayan ng isang elementary public school teacher.

Ito ay sa kamay ng kanyang mismong live-in partner sa loob ng sariling tahanan sa Barangay Binanuahan, Bato, Catanduanes.

Ang 24-anyos na biktimang si Liezl Tato ay nagtamo ng 20 saksak.

Ang suspek ay ang tricycle driver na si Reymark Tabiling, 28, na kinakasama ng biktima.

Batay sa pahayag ni P/Lt. Francis Tabo, hepe ng Bato PNP, humingi ng tulong sa kapulisan ang mga opisyal ng barangay doon.

Bunga ito ng mga naririnig na sigawan at matinding komosyon sa loob ng bahay.

Nang magresponde ay parehong nakahandusay sa tabi ng banyo ang mag-live in partner.

Doon ay nakuha ang tinatayang 10 pulgadang haba ng kitchen knife at cellphone ng biktima.

Sa nakalap na impormasyon mula sa mga kapitbahay ay sinasabing matinding selos ang motibo sa pangyayari.

Gayunman ay walang tinutukoy na partikular na kuwento ang mga kapit-bahay.

Pero sa salaysay sa pulisya ni Tabiling, animo'y sinaniban siya nang mga oras na iyon.

Dahil sinasaniban kaya sabi sa mga pulis ay hindi alam ng suspek ang mga ginawa.

Ang suspek ay makailang beses na ipinupukpok ang sarili sa pader nang malamang patay na ang kanyang kinakasama.

Mismong sa mga magulang ng biktima nabatid na walang bisyo ang suspek.

Pero kinakailangan pa ring maisailalim ang suspek sa drug test.

Usap lang mula sa ilang tinatawag nating 'kanto boys' sa naturang pangyayari.

Hati ang kanilang pananaw para sa suspek tungkol sa usaping sinaniban.

Sinaniban? Oo at sinaniban daw pero hindi ng kung anong masamang espiritu.

Ang sumanib ay ang sobrang selos na hindi nakayanan at tinalo ng katinuan.

Ibig sabihin ay nawala sa maayos na pag-iisip kaya nagawa ang karumal-dumal na krimen.

Sinaniban man o hindi sana ay maibigay ang tamang hustisya sa biktimang guro na naulila nito ang dalawang anak na babae na edad tatlo at limang taong gulang.




**PGC CONDUCTS OPERATION TULI IN IMUS CITY:** As soon as the 2019 local elections concluded, the Provincial Government of Cavite immediately carried out Operation Tuli in the province which started off on May 16, 2019 in Barangay Alapan II-A, Imus City. Barangay Chairman Marc Albert Barzaga was thankful to be part of the continuing endeavors of promoting the hygienic importance of circumcision. The free circumcision program is one of the basic public healthcare services being conducted during the summer break spearheaded by trained volunteers from the Provincial Health Office and the OPG-Extension. Members of the Order of Demolay-Gen. Emilio Aguinaldo Chapter and barangay health workers also contributed to the success of the outreach event that made a total of 48 young boys proud and happy. **(PICAD)**

# EDITORYAL

## Hindi makabuluhan ang boto

**ANG Commission on Elections (Comelec) ay sinasabing naghahanda na para sa gagawing imbestigasyon.**

**Tungkol ito sa umuugong na nangyaring dayaan nitong nakalipas na halalan.**

**Sabi nga ni Comelec spokesman James Jimenez, ang unang hakbang na ginawa ng komisyo ay pagsuspendi muna sa pagbayad sa contractor.**

**Pati ang pagbayad sa SD cards na sinasabing nagloko at nagkaaberya.**

**Ang tanong ay kung makikita at malalaman nga kaya ang totoong pangyayari?**

**Ano nga ba ang dapat gawin sa sistema upang hindi na maulit ang nangayari?**

**Kung may nangyaring dayaan nitong halalan, ibig sabihin ay hindi makabuluhan ang boto ng sambayanan.**

ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm

HANEP Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS** *Publisher/Editor-in-Chief*
**JUNE BILLONES** *Managing Editor*
**JOJO DEMETILLA** *Advertising Manager*
**MARLON BAGUS** *Associate Editor*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian, Kawit, Cavite
Contact Nos. 0977-7844136/ 0929-8127638
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

*Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.* papi

# HANEP 'Basahin Mo Ito' ikatatlong anibersaryo



ANG tropang Media mula sa Manila.






**SUMALANG** din si **Lontoc** ng pakikipanayaman sa radio reporter na si **Rudy Bonifacio**.



**NAGPAUNLAK** ng interview ang panauhin na si Noveleta Councilor-elect **Emelito Salinas Lontoc** habang kinakapanayam ng batikang journalist na si **Ely Taparan**.



TROPANG Cavite Media



**NAGHANDOG** ng isang awitin ang publisher ng Cavite Times Journal at secretary ng Cavite Province Publisher League Inc. na si **Maria Franz Orlain**.



**THREE SIGN**: Ang mga mamamahayag ng Cavite kasama si Noveleta Councilor-elect Emelito Salinas Lontoc katabi ni HANEP publisher Romeo Santos (nakasandong blue).



MANILA reporter kasama sina **Ruel Francisco**, PIA Manager; Veteran journalist **Ely Taparan**, Noveleta Councilor-elect **Emelito Salinas Lontoc** at HANEP publisher **Romeo Santos.**



Sa Antonio's Place Private Pool and Event Venue sa 168 Ilang Ilang St., Ligas 3, Bacoor City, Cavite ginanap ang **3rd Anniversary** ng **HANEP** nitong Mayo 18.

# BREAKING COMMUNICATION BARRIERS THRU SIGN LANGUAGE TRAINING

**Driven by the aim to break the communication barrier particularly with the deaf, mute as well as visually-impaired members of society and formally address one major concern of persons with disabilities, the Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) facilitated a Deaf Sensitivity and Conversational Sign Language Training on May 15-17, 2019 at PCLEDO Training Area, CaCoDec, Trece Martires City. The said training was attended by 30 PGC frontline personnel from different offices who usually cater to PWD clients.**

Social Welfare Officer IV Ms. Darylvy R. Avila acknowledged all the participants and echoed the importance of the training as it would help to easily reach out and understand the needs of the deaf and mute through their language.

On behalf of Governor Boying C. Remulla, Supervising Cooperative Development Specialist Atty. Khervy B. Reyes delivered an inspirational message and hoped that the training would be a venue for continuous initiatives in eliminating discrimination of PWDs.

The 3-day training aims to equip the front liners with proper knowledge on how to communicate thru sign language to persons with hearing and visual impairments.

Meanwhile, Guidance Counselor of Philippine School for the Deaf Ms. Irish Casaljay, Resource Speaker, elaborated the topic on Hearing Impairment/ Handling PWDs with Hearing Impairment in which she provided an overview about the types of hearing loss and deafness, causes and symptoms of hearing impairment, and deaf culture. Actual demonstration on proper hand sign language for alphabet, numbers, colors, foods, places, pronouns, quantity and office terminologies was done. She also trained the participants on how to greet, tell time and days, and count.

The last part of the training was a blindfold activity wherein partakers experienced what it felt to walk in darkness relying only from the assistance and instructions of their partners. The activity was a revelation to the participants of the plight of the visually impaired and how significant the senses are.

In conclusion of the 3-day activity, participants expressed their full commitment to extend and continuously apply the learnings to be effective service providers to constituents. — **(PICAD)**



# DOH LEADS BLESSING AND INAUGURATION OF TINGLOY RHU

**DOH** Assistant Secretary Maria Francia M. Laxamana and DOH-CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) Regional Director Eduardo C. Janairo together with local government officials led the blessing and inauguration of the new Tingloy Rural Health Unit (RHU) Building located at Barangay 14, Poblacion 2 at the island of Tingloy in Batangas on May 2, 2019.

"Primary healthcare services are critical to good health, and rural communities should have access to the same protective measures afforded by our public health system as their urban counterparts. Residents must be able to easily and confidently access various services like those that are offered in other facilities like primary care, dental, emergency care, and other public health services. Access to public health services should be equitable," Regional Director Eduardo C. Janairo stated during the opening of the Tingloy RHU.

"The establishment of this health facility will provide the timely appropriate healthcare services and residents need not worry of travelling anymore to the main island by boat just to get the treatment they need. It serves as the main source of free basic healthcare that is why it must be equipped and well-manned to the benefit of the rural community that it serves," he emphasized.

The construction of the health facility began in 2008, when the municipal government of Tingloy requested to DOH for a hospital to be constructed in the island to cater for the health needs of the residents where an allotment of 7 million pesos was granted.

Due to lack of manpower, the planned hospital was downgraded to a rural health unit and in 2017, under the DOH - Health Facility Improvement Program (HFEP) another Php5 million was granted for the repair and improvement of the old building.

According to Janairo, from 2014 – 2016, a total of 1.5 million pesos worth of health equipment were given to the RHU. "An additional of Php900,000.00 this year was granted for the purchase of additional equipment needed for the treatment of management of patients that will be brought to the facility."

He assured the local government and residents that the regional office will allocate more funds including resources for more equipment needed to modernize and improve health care services in the island.

The repair and improvement of Tingloy RHU was implemented through the DOH-HFEP with the main goal of improving the delivery of basic, essential and as well as specialized health services. The facilities will be upgraded to make them more responsive to the "need" of the community, to provide Basic Emergency Obstetric and Newborn Care (BEmONC) and Comprehensive Emergency and Newborn Care (CEmONC) services to the population, and to strengthen the health service delivery network. **BN**

# Motor vs. motor, binatilyo dedo 2 sugatan

NASAWI ang isang menor de edad na binatilyo habang sugatan ang 2 kabilang ang angkas nitong babae at driver ng isa pang motorsiklo nang magsalpukan ang kanilang minamanehong motorsiklo sa Alfonso, Cavite .

Namatay habang ginagamot sa Dr. Poblete Memorial Hospital ang biktimag si John Amador Buenaflor, ng Brgy Timalan, Naic, Cavite habang ginagamot sa nasabi ring ospital ang back ride nitong si Monica Umandap , 19, ng Pulo in Sara, Brgy Pantihan 4, Maragondon, Cavite habang ang driver ng nakasalpukan nilang motorisklo na si Edcel Huerto, 23, ng Brgy Taywanak, Ibaba, Alfonso, Cavite ay inilipat sa Tagatay Medical Center dahil sa tinamong sugat sa katawan.

Sa ulat ni PMSgt Rosendo Mojica, ng Alfonso, Cavite, dakong ala – 1:00 ng madaling araw nang naganap ang insidente sa Brgy Taywanak Ibaba, Alfonso, kung saan minamaneho ni Buenaflor ang isang motorsiklo at angkas nitong si Monica habang binabagtas ang kahabaan ng Brgy Taywanak, Ibaba.

Nabatid na ginamit umano ng biktima ang motorsiklo ng kanyang kaibigan na hindi ito ipinaalam sa magulang nito at wala rin itong headlight at nagtungo sa nasabing lugar dahil may bibilhin umano sila.

Minamaneho din ang suspek ang isang motorsiklong RUSI MC na may plakang 6135 WS at tinatahak din ang nasabing lugar nang magsalpukan ang dalawang motorsiklo na nagresulta ng aksidente.

Pawang isinugod sa ospital ang tatlo subalit namatay si Buenaflor habang gnagamot. GENE ADSUARA

# 3 katao, timbog sa motornapping

NASUKOL sa isang entrapment ang dalawang menor de edad na binatilyo at kanilang "mentor" habang nasa aktong ibinebenta nila ang side car sa isang buyer ang tinangay nilang tricycle sa Silang, Cavite.

Hawak ng Silang DSWD ang suspek na sina alias "JR", 15, at alias "Mark", 17 habang nasa kustodiya ng Silang Municipal Police Station (MPS) si Mc Clooney Labrador, 21 ng Bock 10 Lot 23, Epipanio Malia, GMA, Cavite dahil sa reklamo ni Rex Sata, 47, tricycle driver, ng Block 4 Lot 43 #33 Blue Ridge St., Phase 2, Pacita 2 Complex, San Pedro Laguna.

Sa ulat ni PCorporal Benjamin Ian Gran, ng Silang MPS, personal na dumulog sa Silang MPS si Sata kasama ang San Pedro City Police Station nang nalaman nito sa kapwa nito tricycle driver na ang side car ng kanyang tricycle ay ibebenta umano sa isang buyer sa Silang Cavite.

Base sa report ng San Pedro CPS, tinangay ang kanyang tricycle ng di nakilalalng mga suspek noong May 14, 2019 dakong alas-6:00 ng umaga sa Pacita 2, San Pedro Laguna.

Dahil dito, dakong alas-5:00 ng umaga nang nagsagawa ng entrapment operation ang Silang MPS at San Pedro CPS sa Brgy Ipil 1, Silang Cavite kung saan naaresto ang tatlo sa aktong tinatanggap nito ang bayad sa ibinentang side car na nagkakahalaga ng P4,500.

Sa pagkakaaresto sa mga suspek, narekober din ang tinangay na tricycle ng biktima sa Brgy Ipil II, Silang, Cavite.

Bukod sa narekober na marked money sa mga suspek ay nakuha rin sa kanilang pag-iingat ang sachet ng hinihinalang shabu.

Kasong Motomapping at paglabag saq Sec 11 ng Article II ng RA 9165 ang isinampang kaso laban sa mga suspek. GENE ADSUARA

# 78-anyos na lolo, nagsaksak sa leeg

**KRITIKAL** ang isang 78-anyos na lolo matapos na nagsaksak sa leeg sa loob ng kanilang bahay sa Imus City, Cavite.

Sinusulat ito ay inoobserbahan sa Philippine General Hospital (PGH) ang biktimang si Zosimo Sarinas, may-sawa, ng 206 Brgy Bucandala 3, Imus City, Cavite.

Sa ulat ni PSSgt John Carlo Punzalan, ng Imus City Police Station, dakong alas-12:10 ng hatinggabi nang nagsaksak sa leeg ang biktima gamit ang isang kutsilyo sa loob ng kanilang bahay kung saan mahimbing na umanong natutulog ang kanyang asawa at mga anak.

Agad namang rumenspoonde ang City Disaster Risk Reduction and Management Office (CDRRMO) ng Imus City sa tawag ng kamag-anak kung saan agad na isinugod sa ospital ang biktima.

Ayon sa kamag-anak ng biktima, dumaranas umano ang biktima ng mental depression at ito ang nakikita nilang dahilan kung bakit ginawa ng biktima ang pananaksak sa leeg.

Inaalam din kung may naganap na foul play sa pagkamatay ng biktima. **GENE ADSUARA**



DOH officials led by Assistant Secretary Maria Francia M. Laxamana and Regional Director Eduardo C. Janairo together cuts the ribbon to signify the opening of the Rural Health Unit in the island of Tingloy, Batangas. Local government and RHU officials led by Mayor Mark Laurence Alvares (in sky blue t-shirt) holds the ribbon before the blessing held on May 2, 2019 in Tingloy, Batangas. BOY NAMORA

# Go For Gold ay nakatutok sa U23 category sa PRU Ride PH

**Napanatili ng Go for Gold ang isang simpleng layunin sa unang taon nito bilang isang koponan ng Continental, na nagpuntirya sa Under 23 na kategorya ng 2.2 UCI event na Pru Ride PH sa Subic at Bataan.**

Ang koponan ni Jeremy Go ay binubuo ng mga young warriors sila Ismael grospe, Jericho Lucero at Daniel Ven Carino, na sasamahan ni Elmer Navarro, Junel Carcueva at kapitan Ronnel Hualda.

Sinabi ni Director Ednalyn Calitis-Hualda sa RP2 na nais ng koponan na magbigay ng pagkakataon sa mga kabataang miyembro at ulitin kung ano ang nagawa nito noong huling Pebrero ng Ronda Pilipinas kung saan nakamit ni Grospe ang Best Under 23 honors.

Isinaad din ni Hualda ang dalawang hadlang sa layunin — ang mapaghamong ruta at ang malakas na kalaban mula sa 17 na dayuhang squad. (junior reporter Grace Nillama)

Vincent "Vicoy" Trinidad kampeon sa J&P Navigator Japan 9-Ball 2019

Tinalo ni Earl Vincent "Vicoy" Trinidad ang kapwa na Junior player na si Albert James Manas, 7-2, sa finals para maghari sa 2019 J&P Navigator Japan 9-Ball Cup Championships kamakailan na ginanap sa AMF-Puyat Bowling and Billiards Center, Superbowl, 3rd Level, Makati Cinema Square, Pasong Tamo sa Makati City.

Nanaig din ang 14-year-old Trinidad kontra kina Angelo Asuncion, 6-4, sa Round of 16; Jun Cornista, 6-4, sa quarterfinal; at Ding Ricohermoso, 6-2, sa semi-final.

Habang ang 12-year-old Manas ay nangibabaw naman kontra kina James Torres, 6-5, Jesse Gonzales, 6-1, at Randy Dela Cruz, 6-3, ayon sa pagkakasunod sa Games and Amusements Board (GAB) sanctioned tournamen na magkatuwang na iinorganisa nina long-time billiards patron sportsman/businessman Aristeo "Putch" Puyat at DMC Entertainment and Production management boss Jesse Gonzales Cambosa Sr.

Kabilang sa mga nakapasok sa top 16-circle ay sina 3rd place Randy Dela Cruz, 4th place Ding Ricohermoso, 5th place Vic Trinidad, 6th place Jesse Gonzales, 7th place Jun Cornista, 8th place Rico Carballo, 9th place Grace De Dios, 10th place Dave Rogel, 11th place James Torres, 12th place Rodel Adona, 13th place Angelo Asuncion, 14th place architect Eric "Teod" Salud, 15th place Aries Lapuz at 16th place John Fernandez.

Samantala ay tuloy na tuloy na si MAPPA bet George Castro, ang singing bilyarista sa kanyang solo launch sa Hunyo 16 na may temang A Tribute to you super dad na gaganapin sa Johnny B. Good Restaurant sa Ayala Center, Level 3, Glorietta 3 sa Makati City kasabay ng pagdaraos ng Father's day. **(Marlon Bernardino)**

## Mga laro sa 2019 PBA Commissioner's Cup

**Mayo 29, 2019 Miyerkules MOA Arena**

4:30 p.m. TNT Ka Tropa vs Northport Batang Pier
7:00 p.m. Alaska Aces vs NLEX Road Warriors

**Mayo 31, 2019 Biyernes MOA Arena**

4:30 p.m. Phoenix Pulse Fuelmasters vs Blackwater
7:00 p.m. Rain or Shine Elasto Painters vs Meralco Bolts

**Hunyo 1, 2019 Sabado MOA Arena**

4:30 p.m. NLEX Road Warriors vs Columbian Dyip
6:45 p.m. Northport Batang Pier vs Barangay Ginebra San Miguel

**Hunyo 2, 2019 Linggo Ynarez Center Antipolo**

4:30 p.m. Blackwater Elite vs Rain or Shine Elasto Painters
6:45 p.m Phoenix Pulse Fuelmasters vs TNT Ka Tropa

# FIBA Nowitzki Global Ambassador ng China

Ang FIBA Basketball World Cup legend na si Dirk Nowitzki ay naging global ambassador ng China ngayong 2019 , kasama sila Yao at Kobe.

MIES (Switzerland) - Ang dating German national team at NBA superstar Dirk Nowitzki noong Huwebes (May 16) ay itinalagang global ambassador para sa FIBA Basketball World Cup 2019.

Si Nowitzki ay naging third global sporting icon na naging ambassador ng first-ever 32-team World Cup, kasama sila Yao Ming at Kobe Bryant.

Noong 2002, pinangunahan niya ang kaniyang bansa sa pagkamit ng kaniyang pinakamahusay na resulta sa World Cup. Siya ang naging MVP at naging top scorer, na may 24 points sa isang laro.

Nang sumunod na taon, naitala ang 7ft (2.13m) ang kanyang pinakamahusay na indibidwal na pagmamarka para sa pambansang koponan sa isang opisyal na laro habang nagkakaroon siya ng 47 puntos sa 108-103 overtime win over Angola sa Group Phase ng 2006 World Cup sa Japan. **(junior reporter Grace Nillama)**



**TOPS USAPANG SPORTS ROS** - Matira matibay Ilan sa naging binitawang salita ni Rain or Shine Assistant coach Chris Gavina kaugnay ng nakaraang tagpo sa 2019 PBA Philippine Cup kung saan tinalo sila sa semi finals ng Magnolia Rain or Shine Assistant Chris Gavina, kasama sa pag bisita sa TOPS Usapang Sports sa NPC Intramuros sina Rain or Shine forward James Yap, Beau Belga at Javee Mocon. **(RGN)**

## HANEP SPORTS

EDITOR: Mary Austine V. Nillama
Email Add: hanepsports2017@gmail.com



**BLACKWATER WINNING COACH -** dvance na kinamayan ni Blackwater team Manager Dioceldo Sy ang bagong coach na si Aris Dimaunahan kaugnay ng via over time winning ng Blackwater sa Meralco Bolts sa unang sagupaan nila sa 2019 PBA Commissioners Cup sa Mall of Asia Arena, Pasay City. **(RGN)**



**BATCH 1 SUMMER CHESS LESSON -** ANG mga kabataang Intermediate at beginner na pinagkalooban nila GM Jayson Gonzales, GM Eugene Torre at WGM Janelle Mae Frayna ng Certification sa kanilang pag lahok sa katatapos na Batch 1 Summer Chess Lesson na ginanap sa 2nd Floor PACE Philippine Academy Chess Excellence, Mindanao Avenue. Project 6. Quezon City.**(RGN)**

# DOH PROVIDES TRAINING ON MENU PLANNING FOR NUTRITIONISTS OF CALABARZON

**DOH-CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) together with the Philippine Association of Nutritionists conducted a "Menu Planning Workshop for Nutritionists" for non-communicable diseases (NCDs) to further improve and enhance their knowledge in the development of an appropriate meal plan for patients affected by lifestyle related diseases such as diabetes, kidney and cardiovascular diseases and cancer.**

According to Regional Director Eduardo C. Janairo, the regional office will conduct four batches for the workshop targeting nutritionists and dietitians of various hospitals of CALABARZON including training and educating school canteen chefs and managers on proper nutrition and diet. "Canteen in schools performs a significant part in the promotion of healthy eating habits of children. It is their responsibility to ensure that meals prepared are well-balanced and nutritious and with the right amount of energy school children needs."



**DOH-CALABARZON** Medical Officer III and Head of the Non-Communicable Disease Cluster reminds participants of the things to consider in the preparation of an appropriate meal plan for a patient with a health condition during the two-day "Menu Planning Workshop for Nutritionists" of CALABARZON held at the Selah Garden Hotel, Pasay City on May 21-22, 2019. **BOY NAMORA**

"We will be introducing new approaches on nutrition to combat NCDs and to educating health personnel in preparing an effective menu plan that is specific for patients affected with these illnesses," he disclosed.

Janairo added that nutritionists will learn to integrate nutrition education in the management of lifestyle-related diseases including incorporating the value of nutritional health in the preparation of their patient's meal plan.

During the workshop course, participants will learn to assess a patients' health needs and diet according to his health condition, provide counsel and guidance to patients on proper nutrition and healthy eating habits, develop meal plans, taking into consideration the cost and the preference of the patient and evaluate the effects of the meal plan and modifying the meal plan as needed.

"Choosing the right diet helps prevent or control lifestyle-related diseases including avoiding certain risk factors for cancer and heart disease, that is why nutrition education is very important and always remember to include adequacy, balance, calorie control, moderation, variety and nutrient density. when planning a healthy diet," Janairo reminded nutritionists.

Based on the 2013 Food and Nutrition Research Institute (FNRI), a total of 67% of the total deaths in the country were caused by lifestyle-related diseases. Simultaneously, diet-related health concerns are also on the rise due to the advent of fast food and unhealthy eating habits as shown by the increase in the prevalence of overweight and obesity.

Lifestyle-related diseases are group of illness linked with how the way people live with unhealthy diet and lack of physical activity as the main factors responsible for their development as well as drug abuse, smoking and alcohol drinking. These includes coronary artery diseases, diabetes, stroke and cancer. **BN**

# Turn campaign ad trash into cash: DENR

CALAMBA CITY, Laguna — The Department of Environment and Natural Resources (DENR) 4-A (Calabarzon) is encouraging candidates in the recent elections and their supporters, as well as local communities, to recycle their campaign materials.

DENR 4-A Executive Director Maria Paz Luna told the Philippine News Agency (PNA) on Thursday that they fully support the call made by the Department of the Interior and Local Government (DILG) for all candidates to take the lead in the cleanup drive to rid the region of election campaign materials.

Luna said they expect the volume of waste to increase due to the campaign materials that would be taken down from various sites and dumped in public areas.

"We hope these wastes do not end up in bodies of water and farther to the seas," she said.

Luna explained that although the sizes and capacities of sanitary landfills remain the same, there is still a need to reduce solid wastes.

Through the upcycling method, she said, wastes could be turned into useful products.

Thus, campaign posters, tarpaulins, sample ballots, flyers and leaflets, which would only end up as garbage, could be converted by "Junk Not! Eco-Creatives", a Laguna-based social enterprise, into upcycled and recycled materials, she added.

Wilhelmina Garcia, award-winning interior designer and owner of Junk Not!, said they will only accept the discarded campaign ad materials if the upcycled and recycled products would be bought back from them.

These campaign materials could be converted into chairs, shoe bags, ballpen or pencil cases, and purses, among others, and they could be donated to schools.

"This kind of buy-back model will make future waste producers think twice," Luna said. "This is an opportunity for individuals to create value around products that would otherwise end up in sanitary landfills or illegal dumpsites."

Junk Not! Eco-Creatives promotes creative ways to transform everyday trash and other solid trash into usable and functional items by empowering local communities to be responsible stewards of the environment. *(PNA)*



NAGING panauhin pandangal sina Paranaque City Mayor Edwin L. Olivarez kasama ang kanyang may bahay na si First Lady Janet Olivarez, Cong. Eric Olivarez (1st District P'que) ,Councilor Joan Villafuerte, Coun. Pablo Gabriel, Allen Nava Tan, Coun.Toki Baes (wala sa larawan) na pinangunahan din ni Barangay Captain JUN Saide. Ang nagaganap na selebrasyon ng Kapistahan ng Sta. Rita de Casia Sa Barangay Baclaran sa lungsod ng P'que taun-taon ay ginagawa ang basaan ng tubig at Karakol tuwing araw ng Fiesta ng Baclaran. (JIMMY HAO)

## BUHAY-KARERA

MARLON BAGUS
0999-7060160
EMAIL: CHAMP22MB@GMAIL.COM

# GENTLEMAN JIM, NAGWAGI

Hindi na pinaporma pa ng hineteng si Oneal Cortez lulan ng kabayong si Gentleman Jim ang kanilang mga nakalaban sa karerang naganap sa pista ng Metro Turf sa Malvar, Batangas. Sa alisan ay agaran na naipuwesto ng maganda ni Oneal ang kanyang dala habang isinunod lang sa nagdikta ng bandera na si Caloocan Zap ni Edwin Blancaflor. Paglagpas sa medya milya (800 meters) ay inunti- unti na hiningan ni Oneal si Gentleman Jim at nagresponde naman, kaya naagaw nila ang unahan. Hanggang sa pagsungaw sa rektahan ay lumayo na si Gentleman Jim ng may tatlong kabayong agwat sa mga nasa likuran na si Caloocan Zap kasama iyong nagpalakas na rumemateng sina El Mundo ni Egay Lumagui at Kapayapaan ni Mark Gonzales. Subalit sa ikli ng distansiya ay huli na iyong pagbulusok ng dalawa upang maabutan pa ang naghu- hugandong si Gentleman Jim papalapit sa meta. Naorasan ang karerang iyan ng 1;11.4 (24'-21'-25') para sa distansiyang 1,200 meters. Balikan naman natin ang ilang mga karerang naganap sa San Lazaro na kung saan ay marami ang humanga sa dalawang panalong naitala ni Pao Guce mula sa kuwadra ni Ginoong James Albert Dichaves matapos niyang maipanalo ang mga kabayong sina Ava's Dream at Tenseventeen. Naorasan si Ava's Dream ng 1:22.2 (07'-24'-25'-26') Para sa 1,300 meters na distansiya. Ayon sa mga beteranong karerista ay muling nailabas ni Ava's Dream ang kanyang husay lalo na kung sa parada pa lamang ay makikita ninyong basa o namamawis na ang leeg na hindi gaya nung sa nauna ay tuyong- tuyo, kaya sa susunod ay iyon ang bantayan sa kanya. Dagdag kaalaman iyan para kay Ava's Dream.

# Sales demo, arestado sa pagpupuslit

**SWAK s**a kulungan ang isang 19-anyos na Sales Demo sa isang kilalang mall matapos itong magpuslit ng isang four wheel trolly luggage kung saan ibibenta naman nito sa mas mababang presyo sa Bacoor City, Cavite.

Qualified Theft ang isinampang kaso laban sa suspek na si Christian Jay Rafael, binate, ng Brgy Talaba 7, Bacoor City, Cavite kung saan siya ay isang Sales Demo sa SM City, Bacoor City branch sa Brgy Habay 2, Bacoor City, Cavite.

Sa ulat ni PSSgt Mark Francis Cortes, ng Bacoor City Police Station, modus operandi ng suspek na kinuha ang isang Voyage Four Wheel Trolly Luggage na nagkakahalaga ng P6,299.75 saka nito dadalhin sa isang stall at iiwan sa nagtitinda doon.

Pagsapit ng kanyang off-duty dakong alas-7:30 ng gabi ay babalikan niya ang kinuhang trolley luggage at lalagyan niya ito ng merchandise sticker upang magkunwang bayad ito saka maghahanap ng buyer at ibibenta ito sa halagang P2,500.


Gayunman, nabuking ito ng security guard na si Vicente Morado dahilan upang arestuhin ito dakong alas-7:30 ng gabi bago dinala sa kustodiya ng Cavite police. **GENE ADSUARA**

# ANNUAL NUTRITION EVALUATION, ON-GOING IN CAVITE PROVINCE

The Provincial Nutrition Evaluation Team (PNET) composed of different departments of the provincial government and national agencies in Cavite conducts the Annual Monitoring and Evaluation of City/Municipal Nutrition Program Accomplishments in 2018 using the new Monitoring and Evaluation of Local Level Plan Implementation Pro tool (MELLPI-Pro). It is the updated monitoring and evaluation framework and system for the nutrition sector covering assessment of nationwide initiatives along policy and legislation, nutrition service delivery, and capacity building. MELLPI Pro is coined from the wordsProtocol that includes procedures and tools; Promotive since it promotes awareness and observance to existing laws, rules and guidelines; Progressive that scoring is based on desired progress of LGUs in terms of nutrition program implementation and Professional because it promotes professional and objective review of evidence using rubrics and spider web diagram. The new tool was designed to evaluate and assess the performance of the City/Municipality and local nutrition workers including Nutrition Action Officers.

The validation visit kicked off in the Municipality of Rosario on May 2, 2019 and will conclude on June 7, 2019 in the Municipalities of General Mariano Alvarez and Silang. So far, Tanza and the cities of Damariñas, Bacoor and General Trias had been validated by the team.

During the visit, the PNET conducts a desk review of accomplishment reports based on the Nutrition Action Plans and other pertinent documents from where individual rating, consensus rating then finalization of rating will be generated. A report will be prepared to be presented to the Local Nutrition Committee in a meeting and members of the team will review the MELLPI Pro Process, the over-all results and highlights of nutrition-related policies, programs and services. The team acknowledges the LGUs performance and best practices and recommends actions for improvement based on the PNET's monitoring. A summary of evaluation findings and recommendations and the signed Form 4 are submitted to the Local Nutrition Committee or Local Nutrition Worker during the exit meeting. **PICAD**







# Mga nanalong kandidato sa Lungsod ng Lucena iprinoklama

**LUNGSOD NG LUCENA, Quezon (PIA)-** Pormal na iprinoklama ng Lucena City Board of Canvassers noong Mayo 15 ang mga kandidatong nanalo sa May 13, 2019 elections.

Kabilang rito si incumbent mayor Roderick Alcala bilang mayor ng Lungsod ng Lucena matapos lumamang ng mas malaking boto sa kanyang kalaban na si dating mayor Ramon Talaga.

Ayon sa tala ng COMELEC Lucena City, si Alcala ay nakakuha ng boto na 89,134 na mas mataas kumpara kay Talaga na nakakuha ng kabooang boto na 37,557.

Iprinoklama rin bilang vice mayor si incumbent vice mayor Philip Castillo na nakakuha ng mas mataas na boto na 71,009 kumpara sa kalaban nito na si Bong Talabong na nakakuha ng kabuoang boto na 51,677.

Kasama ring iprinoklama ang sampung nanalong konsehal na pinapangunahan ni Third Alcala - 81,403; Danny Faller - 74,525; Sunshine Abcede -69,761; Wilbert Noche- 68,152; Benito Brizuela - 65,648; Nilo Villapando - 64,384; Amer Lacerna - 63,375; Jose Christian Ona - 58,964; Ramil Talaga - 57,802; at Manong Nick Pedro - 57,018.

Ayon sa COMELEC, ang lungsod ng Lucena ay may registered voters na 163,736 at may 877 established precincts kung saan ay naging maayos at tahimik naman sa kabuoan ang idinaos na halalan.

Inaasahan naman ng mga mamamayan dito na ipagpapatuloy ng muling nanalong alkalde ang mga nasimulang proyekto at ang mga proyektong gagawin pa sa lungsod ng Lucena para sa kapakanan ng mga residente dito. **(Ruel Orinday, PIA-Quezon)**

# Helicopter, bumagsak sa dagat ng Cavite

**INOOBSERBAHAN** sa ospital ang dalawang piloto ng Philippine Air Force (PAF) nang bumagsak ang sinasakyan nilang helicopter matapos na nakaranas ng engine failure habang nagsasagawa ng proficiency lesson sa bahagi ng karagatan ng Cavite City.

Nasa ligtas ng kalagayan sa MDAAB Hospital sina 1Lt Uriel Pangket, 29, miembro ng PAF at 1Lt Razelle Cerdenia, 26, kapwa miembro ng PAF at kasalukuyang nakatira sa 16th Attack Squadron, 15th Strike Wing, MDAAB, Sangley Pt., Cavite City.

Sa report ni Pat.Melvin Calapano, ng Cavite City Police Station, naganap ang insidente sa dagat sakop ng Cavite Coastal area Cavite, City.

Nagpalipad ng helicopter ang dalawa kung saan si Pangket ang piloto, bilang bahagi ng kanilang proficiency fight lesson profile nang nakaranas ng engine failure habang nasa himpapawid dahilan upang nag-emergency ejected ang dalawa at bumagsak sa dagat.

Ayon sa duty guard ng Banog area, sa dulong runway ng Sangley point, nakarinig siya ng malakas na ingay mula sa helicopter at napansin ang dalawang piloto na nag-emergency ejected.

Napansin naman ito ng mga mangngisda ang dalawang piloto na palutang-lutang sa dagat na siyang tumulong sa dalawa at dinala sa Banog runway saka isinugod sa ospital.

Kasalukuyang nagsasagawa ng rescue operation sa bumagsak na helicopter. **GENE ADSUARA**




BALITAAN SA MAYNILA: Naging dito sina Retired General Elmer Jamias, (Barako ng Maynila) Former Sec. Bert Suansing, at Mr. Lito Averia ng NAMPREL. Tinalakay ang katatapos na eleksiyon at nagkaisa ang mga panauhin na dapat ng mag move-on at pagtulungang mapaganda ang bayan. Ayon kay Ret. General Elmer Jamias, handa siyang mag-volunteer sa administrasyon ni Mayor Isko Moreno para sa ikakaunlad ng Maynila. Nais naman ni Bert Suansing na paigtingin at rebisahin ang batas sa transportasyon para sa pagkawala ng traffic at congestion sa EDSA. CHRISTIAN HERAMIS

# Buwelta ng biro, obrero tinigok ng kabaro

**MATAPOS** na biruin na "ilibing ng buhay" ang isang 20-anyos na construction worker, ang nagbirong kabaro nito ang siya ngayong ililibing matapos itong pagsasaksakin habang nag-iinuman sa Tanza, Cavite.

Idineklarang dead on arrival sa Tanza Family Hospital ang biktimang si John Paolo Domingo, 18, construction worker at residente ng Brgy 42, Cavite City dahil sa saksak sa katawan.

Naaresto naman ang suspek na si Edison Ramos, binata, ng Brgy 42B, Cavite City.

Sa ulat ni PSSgt Yves Luyun, ng Tanza Municipal Police Station, masayang nag-iinuman ang biktima at ilang kasamahan nito sa trabaho dakong alas-3:00 ng madaling araw sa labas ng ginagawa nilang bahay sa Vernavile, Brgy Calibuyo, Tanza Cavite nang sa kalagitnaan ng kanilang inuman ay biniro umano ng biktima ang suspek na "ililibing kita ng buhay" saka nagtawanan ang grupo.

Hindi naman nagustuhan ng suspek ang biro ng biktima na humantong sa mainitang pagtatalo hanggang sa tumayo ang una at kumuha ng kutsilyo at pinagsasaksak ang huli.

Isinugod pa ang biktima sa ospital subalit idineklarang dead on arrival habang ang suspek ay tinangkang tumakas subalit naaresto siya ng mga rumespondeng barangay tanod. **GENE ADSUARA**

# HANEP SHOWBIZ

# ALEX GONZAGA, NAPATAWAD NA

**ANG TV host/vlogger na si Alex Gonzaga ay napatawad na ni Parañaque City re-elected Mayor Edwin Olivarez.**

Personal na pumunta ang aktres sa Parañaque City Hall kamakailan at humingi ng paumanhin sa alkalde.

May kinalaman ito sa ginawang pagbira ni Alex kay Mayor Olivares.

Kung inyong natatandaan habang nasa political campaign sa lungsod bago ang eleksiyon ay nag-endorso siya ng isang partylist at walang kabog na tinawag ang alkalde na "may pagkamadugas."

Sa pangyayari ay nakalasap din ng pagbatikos ang kapatid ni Alex na celebrity ding si Toni Gonzaga.

Ayon naman kay Mayor Olivares, walang pagdaramdam sa kanya sa ginawang patutsada ni Alex.

Sa ginawang pagtungo sa city hall at personal na paghingi ng paumanhin ay ikinalugod iyon ni Mayor Olivares para kay Alex.







Iyan si Mayor Olivares, hindi nagtatanim ng galit at marunong magpatawad.

Mabuhay po ang inyong lungsod!

@@@

**TONI: MAHALAGA BUHAY ANG AMING AMA**

Speaking of Toni, tungkol naman sa pagkatalo ng kanyang ama na tumakbong alkalde ng Taytay nitong nakaraang halalan ay simple lamang ang kanyang pahayag.

Sabi ni Toni, ang mahalaga ay buhay pa ang aming ama at siya ay aming nakakapiling.

Nagpasalamat naman ang aktres sa lahat ng tumulong, sumuporta at nagmamahal sa kanyang ama.

Madali para sa kanila na tanggapin ang resulta ng halalan dahil ang ama nila ay matagal na sa public service kaya sanay na sa mundo ng pulitika.

Ang kanyang ama ay nanilbihan bilang vice mayor ng Taytay bago tumakbo sa pagkaalkalde.

Si Joric Gacula ang nanalong alkalde ng Taytay this last elections.

Ang isa sa ikinagulat lamang ni Toni na kabilang siya sa mga naimbitihan sa isinagawang private dinner kamakailan sa Malacañang.

Hindi nga naman siya nakilahok sa kampanya ng Chief Executive noong panahon ng kampanyahan ng presidential elections pero kabilang si Toni sa naimbitahan at kanya namang pinaunlakan.

# "TANIM SA TIYAN"

NOBELA NI ATE JOSIE

**(2)**

"**TAGAL** pa ba 'yan, eh uhaw na uhaw na ako. Bilisan naman ninyo ang pagtitimpla."

Naudlot ang kuwentuhan ng magkakaeskuwela tungkol sa kung anong kurso ang kukunin sa kolehiyo nang muling umentra si Alex.

Nagtitimpla kasi ng pineaaple juice ang ilang estudyante na may kahalong alak na kanilang iinumin.

Kung tutuusin ay hindi pa sila puwedeng uminom ng alak dahil sa kanilang mga edad.

Kakagradweyt lang ng high school na ang mga edad ay wala pa sa disi otso.

Gayunman ay hindi naman sila iyong tipong maglalasingan kundi libang-libang lamang.

Kahit paano ay nasa higher section sila at sa kanila nanggaling ang valedictorian at salutatorian pati mga may honor.

"Ang bagal talaga, ang tagal eh uhaw na ako. Sige at ako na magtatagay."

"Para walang dayaan eh ako ang tanggero, mahusay na drayber ako noh."

Nang ilapag ang pitsel na may timplang alak ay si Alex ang umaktong tanggero.

Masaya ang kuwentuhan nila kaya medyo nakailang timpla sila ng alak.

"Hey guys, ano baa ng gimik natin ngayong summer, mahaba-haba rin ang bakasyon."

"Oo nga naman, enjoy natin ang bakasyon kasi sabi iba na raw 'pag college na."

Nagkasundo sila ng mga happenings subalit may ilan na hindi makakasama.

Iyon iba kasi ay kapos sa pinansiyal habang ang ilan ay malilipat ng tirahan.

"Summer job ako para makaipon at baka sakaling makapasok ako ng kolehiyo."

"Lilipat na kami kasi parents ko sa ibang lugar nakabili ng bahay, stop na kami sa pangungupahan."

Madaling araw na nang matapos ang kanilang party at nagkanya-kanyang uwi na.

"Ano? Hanggang ngayon wala pa rin ba?"

**(Itutuloy)**

# IISA... IKAW AT AKO

SA PANULAT NI KUYA ARMAN

**(Ika-10 labas)**

"**DY**...'yan ang tawag ng babae 'dun sa kasama n'yan matandang lalake.'

"Siguro short for daddy kaya DY an gang tawag n'ya 'dun sa kanyang tatay."

Matabil ang serbidora at kung anu-ano ang mga ikinukuwento kay Bernie.

Natutuwa naman si Bernie dahil nakakakuha siya ng mga impormasyon sa serbidora.

Hindi kagaya ng kahera na napakatipid ng sagot sa kanyang mga tanong.

"Hoy, nakatulala ka r'yan. Para kang nananaginig nang gising ah."

Hindi namalayan ni Bernie ang pagdating ni Cecile dahil sige pa rin siya sa kakaisip sa magandang babae.

"Ay ikaw po pala auntie, 'sori medyo naaalala ko lang ang pamilya ko sa probinsiya."

Nagdahilan na lamang si Bernie at hindi sinabi kay Cecile na ang magandang babae ang kanyang inisip.

"Maghain ka na Cora kung ano ihahapunan n'yo ng pamangkin ko."

"Alam mo naman na 'di ako kumakain na sa gabi, gatas lang pakikuha sa akin."

Pagkagaling ng 'restoran ay umuwi na ng bahay sina Bernie at Cecile kasama si Cora.

Nagbabad na lamang sila sa 'restoran na dapat ay may lalakarin pa si Cecile na sana ay isasama si Bernie.

"Pagkatapos kumain ay umakyat ka na at bukas na lang kita isasama pagkagaling sa 'restoran."

Tumango lamang si Bernie at nang makatapos kumain ay nauna na siyang umakyat.

Ikalawang gabi niya sa magarang kuwarto na iyon at ang babae pa rin sa 'restoran ang laman ng kanyang utak.

Naalala niya ang bilin ni Cecile na dapat bago matutulog ay maliligo o maglinis ng katawan.

Pagkaligo at pagkalabas ng banyo ay nagpalit ng suot pantulog si Bernie.

"Ang ganda...ang ganda talaga."

**(Sundan)**

# SC ASKS SOLONS TO REVIEW LAW ON CHILD ABUSE

MANILA — The Supreme Court (SC) has called the attention of lawmakers for possible changes on "incongruent" penalties for lascivious acts against minors under a special law.

In a statement, the court said it has directed that a copy of its March 12, 2019 decision in People v. Tulagan, be furnished to Congress as reference for possible statutory amendments on the maximum penalty for lascivious conduct under Republic Act 7610 (Special Protection of Children Against Abuse, Exploitation and Discrimination Act).

The Court explained its concern that despite the intent of RA 7610 to provide for deterrence and protection against child abuse, the penalty for violations when the victim is under 12 years old is lower than the penalty when the victim is 12 to 18 years old.

The Court referred to the maximum penalty of reclusion temporal medium for lascivious conduct under RA 7610, when the child victim is under 12 years of age; and when the victim is 12 years old and below 18 years old, or 18 or older under special circumstances, i.e., are unable to fully take care of themselves or protect themselves from abuse, neglect, cruelty, exploitation or discrimination because of a physical or mental disability or condition, which is reclusion temporal medium to reclusion perpetua.

"It is a basic rule in statutory construction that what courts may correct to reflect the real and apparent intention of the legislature are only those which are clearly clerical errors or obvious mistakes, omissions, and misprints, but not those due to oversight, as shown by a review of extraneous circumstances, where the law is clear, and to correct it would be to change the meaning of the law. Thus, a corrective legislation is the proper remedy to address the noted incongruent penalties for acts of lasciviousness committed against a child," the Court stated.

The Court also directed that copies of its decision be furnished to the Department of Justice, the Office of the Solicitor General, the Office of the Court Administrator, and the Presiding Justice of the Court of Appeals for their guidance and information.

Justices Estela M. Perlas-Bernabe, Marvic Mario Victor M. Leonen, and Alfredo Benjamin S. Caguioa wrote separate opinions. *(PNA)*

# 5 RCBC execs charged with anti-money laundering

MANILA — The Department of Justice has filed anti-money laundering charges against five executives of Rizal Commercial Banking Corporation (RCBC) in connection with the USD81-million cyber heist at the Bank of Bangladesh three years ago.

Facing charges for violation of the Anti-Money Laundering Act (AMLA) before the Makati City Regional Trial Court are RCBC Retail Banking Group treasurer Raul Victor Tan, national sales director for retail banking Ismael Reyes, regional sales director Brigitte Capiña, customer service head for its Jupiter business center Romualdo Agarrado, and senior customer relations officer Angela Ruth Torres.

In its 10-page resolution dated May 10, approved by Senior Deputy State Prosecutor Richard Anthony Fadullon, the DOJ noted that the officers still allowed the transactions to push through even if there were evident red flags.

The DOJ denied the motions for reconsideration of the five respondents. Prosecutors cited the "willful blindness doctrine" as "the deliberate avoidance or knowledge of a crime, especially by failing to make a reasonable inquiry about suspected wrongdoing, despite being aware that it is highly probable".

"There is no better way to describe the acts of respondents than this," the resolution read, adding that with the notices received on the possible fraudulent transfer of huge sums of money, the respondents should have conducted an investigation.

"By the very nature of their work in handling millions of pesos in daily transactions, the degree of responsibility, care and trustworthiness expected of bank employees and officials are greater than those of ordinary clerks and employees," the resolution read. "Their complacent attitude in handling the suspicious remittances is unacceptable and rocked the integrity of our banking system."

Earlier, RCBC Jupiter Branch Manager Maia Santos-Deguito was found guilty of seven counts of violation of the AMLA.

Makati RTC Branch 149 Judge Cesar Untalan imposed a penalty of up to seven years imprisonment for each count and was also required to pay not more than 200 percent of the value of the laundered amount or almost USD110 million. *(PNA)*

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGIONAL**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**MULTIPLE SALA**
**IMUS, CAVITE**

**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION, (NHMFC)**
Mortgagee,

EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

-versus-

**SPS. JAMES DE JESUS CABRERA & MA. ANGELES F. CABRERA,**
Mortgagors **FC No. 16305-18**
x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION (NHMFC)**, mortgagee/assignee, with principal office at 104 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City against **SPS. JAMES DE JESUS CABRERA and MA. ANGELES F. CABRERA** with residence and postal address at Lakersfield Subd. Lot 32 Blk. 4, Bo. Toclong, Kawit, Cavite and/or #13-C Daguma St., Santol Quezon City to satisfy the mortgage indebtedness which as of September 30, 2017 amounts to **EIGHT HUNDRED THIRTY SIX THOUSAND FOUR HUNDRED TEN PESOS & 74/100 (Php 836,410.74)**, Philippine Currency including interest and penalty charges but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff IV will sell at public auction on **June 18, 2019** at 10:00 a.m. or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Bulwagan g Katarungan, Aguinaldo Highway, Imus, Cavite to the highest bidder, for **CASH** and in the Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-514343**

"A parcel of land (Lot 32, Blk.4 of the consol. subd. plan, Pcs-042111-008660, being a portion of the consol. of lots 1&2 Psu-246995 L.R.C. Rec. No. ), sit. in the Brgy. of Toclong, Mun. of Kawit, Prov. of Cavite, Bounded on the NW., along line 1-2 by Lot 31; Blk.4 of the NWE., along line 2-3 by Lot 34, Blk. 4, on the SE., along line 3-4 by rd. Lot 4; on the SW., along line 4-1 by Lot 30, Blk.4, all of the consol. subd. plan **x x x** containing an area of **SEVENTY (70) SQUARE METERS**" **x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **June 25, 2019** at 10:00 a.m. without prior notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoyed to investigate for themselves the title to the said properties and encumbrance thereon if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, **April 26, 2019**

**ISRAEL S. MEDINA**
Sheriff IV

APPROVED: **REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI
& Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION**
104 Amorsolo St. Legaspi Village,Makati City
Atty. Nestor A. Formaran
5/F Filomena Bldg., 104 Amorsolo St. Legaspi Village,Makati City

**SPS. JAMES DE JESUS CABRERA &**
**MA. ANGELES F. CABRERA**
Lakersfield Subd. Lot 32 Blk. 4 Bo. Toclong, Kawit, Cavite
and/or #13-C Daguma St., Santol Quezon City

**Publication: HANEP** May 13, 20 and 27, 2019

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**MULTIPLE SALA**
**IMUS, CAVITE**

**PAG-IBIG FUND or HDMF,**
Mortgagee,

EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

-versus-

**SALVACION Q. CENA,**
Mortgagors, **FC No. 16054-17**
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **PAG-IBIG FUND or HDMF**, mortgagee, with principal office at The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City against **SALVACION Q. CENA, single, of legal age, Filipino Citizen,** with Lot 5, Block 9, Phase 3C, Citihomes Molino, Buhay na Tubig, Imus, Cavite & Lot 10, Block 1, Phase 3C, Citihomes Molino, Bacoor, Cavite and/or #47 Catherine St., Provident Village, Marikina City, Metro Manila to satisfy the mortgage indebtedness which as of August 29, 2017 amounts to **THREE MILLION FOUR HUNDRED NINETY EIGHT THOUSAND FOURTY EIGHT PESOS & 38/100 (Php 3,498,048.38)**, Philippines Currency including interest and penalty charges but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff IV will sell at public auction on **June 18, 2019** at 10:00 a.m. or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Bulwagan ng Katarungan, Aguinaldo Highway,Imus, Cavite, to the highest bidder, for **CASH** and in Philippine Currency, the following properties with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-796092**

"A parcel of land (Lot 5 of the subd. plan, Psd-04-086410, being a portion of Blk. 9, Psd-04-083925, LRC Rec. No.8843), situated in Brgy. of Buhay na Tubig, Mun. of Imus,Prov. of Cavite, Bounded on the NW., along line 1-2 by Rd. Lot 12, Psd.04-083925 (Existing Road 6.50 m.wide); on the NE., along line 2-3 by Lot 4 of the subd. plan; on the SE., along line 3-4 by Lot 5839-I; Fls-218-D (lot 6519, Imus Estate), Pcs-042103-007876; on the SW., along line 4-1 by Lot 6 of the subd. plan x x x containing an area of **THIRTY NINE (39) SQUARE METERS"xxx**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **June 25, 2019** at 10:00 a.m. without prior notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said properties and encumbrances thereon if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, **April 26, 2019**.

**ISRAEL S. MEDINA**
Sheriff IV

APPROVED: **REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI
& Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**Pag-Ibig Fund or HDMF**
The Petron Mega Plaza Building,
No. 358 Gil Puyat Avenue, Makati City

**SALVACION Q. CENA**
Lot 5, Block 9 Phase 3C Citihomes Molino,
Buhay na Tubig, Imus, Cavite &
Lot 10, Block 1 Phase 3C Citihomes Molino Bacoor, Cavite
and/or #47 Catherine St., Provident Village, Marikina City

**Publication: HANEP** May 13, 20 and 27, 2019

---

**CLASSIFIED ADS**

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St. corner Perla st.,Tondo Manila**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/ 0918-6174067**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza Noveleta,Cavite**

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

# 3 TULAK PATAY, 3 PA ARESTADO SA CAVITE

**PATAY ang dalawang tulak habang arestado ang 3 kasamahan nila nang nanlaban ang isa sa napatay habang isinisilbi ang isang outstanding warrant of arrest sa Imus City, Cavite.**

Hindi na umabot ng buhay sa Imus Hospital si Eduardo Sico, alias Edu, 45, ng River side Sitio Pulo Brgy Anabu 2-C, Imus City, Cavite at Alexander Ser, 46, may-asawa, ng Sitio Pulo Brgy Anabu 2-C, Imus City, Cavite habang arestado naman sina Denver Maliksi, 33, construction worker, Jeferson Aquino, 23 at Melecio Gonzales, 67 , pawang residente ng Alapan '1-C, Imus City, Cavite.

Sa ulat ni PCpl Mark Joseph Jader, ng Imus City Police Station, nagsagawa ng operasyon ang mga elemento ng Intelligence Section ng Imus CPS nang nakatangggap sila ng tawag na namataan si Sico, na may outstanding warrant of arrest sa kasong murder, sa Sitio Pulo Brgy Anabu 2-C Imus City, Cavite dakong alas-6:00 ng gabi.

Pagdating sa lugar ay naabutan si Sico at mga kasamahan nito habang nagbabalot ng hinihinalang shabu gayunman, nang napansin na awtoridad ang mga dumating at biglang nagpapatuok ng baril ang una dahilan upang gantihan siya ng putok na nagresulta sa pagkamatay ng dalawa.

Hindi naman pumalag sina Maliksi, Aquino at Gonzales na nagresulta sa kanilang pagkakaaresto.

Tinangka pang isugod sa ospital ang dalawa subalit idinekla silang dead on arrival.

Nakuha sa mga suspek ang isang kalibre 45 at 38 na baril, mga bala, 14 pirasong sachet ng shabu at mga drug paraphernalias.

Samantala, isa pang tulak na nagsisilbi rin umanong runner at kolektor ng droga sa Lungsod ng Cavite at kalapit bayan ang napatay ng mga awtoridad sa isang buy bust operation sa Cavite City.

Idineklarang dead on arrival sa Bautista Hospital ang napatay na suspek na si Salvador Santiago, alias Buddy, 49, pedicab driver, ng Brgy 30 Barong Purok, Cavite City.

Sa ulat ni PSSgt Elfie Galit, ng Cavity City Police Station, dakong alas-9:10 Huwebes ng gabi nang ikinasa ng Cavite CPS at PDEA 4A ang buy bust operation sa Brgy 30 Barong Purok Cavite City kung saan target ang suspek.

Gayunman, nahalata ng suspek na pulis ang kanyang ka-transaksiyon dahilan upang magbunot ng baril at iputok sa mga awtoridad subalit nagmintis kaya siya naman ang pinaputukan na nagresulta sa kanyang kamatayan.

Nakuha sa lugar ang isang kalibre 38, mag bala ng kalibre 38 at 9mm caliber, buy bust money at isang sachet ng shabu habang nakuha sa katawan ng suspek ang 4 na sachet ng shabu at aluminum foil.

Ibinunyag ng ilang dating kasamahan nito na nakakulong na, na ang suspek ay talamak na tulak at nagsisilbing runner ng mga droga at kolektor mula sa Cavite City hanggang sa karating lungsod at bayan sa Cavite . **GENE ADSUARA**

# Dating preso, nahulihan ng P1.7-M shabu

**TINATAYANG** halagang P1.7 milyon halaga ng shabu ang nasamsam sa pagkakaaresto sa isang dating preso sa isinagawang buy bust operation sa Gen Trias City, Cavite.

Kinilala ni PSupt Paul Bometivo, hepe ng Gen Trias City Police Station, ang suspek na si Zandro Onate, alias Zandro.

Sa ulat ng pulisya, dakong alas-11:30 ng gabi nang nagsagawa ng buy bust operation sa Bella Vista Subd Brgy Santiago Gen Trias City Cavite na nagresulta sa pagkakaaresto sa suspek.

Nasamsam mula sa suspek ang 3 pirasong HSTPS na hinihinalang shabu na tumitimbang ng 250 gramo at may street value na P1.7 milyon at buy bust money.

Nabatid na ang suspek ay nakulong na sa kasong robbery. **GENE ADSUARA**

# Albayalde recommends 3 names as next PNP Chief

**MANILA —** Philippine National Police (PNP) chief, Gen. Oscar Albayalde, on Wednesday named the three police officials he recommended as his possible successor when he retires in November this year.

These are PNP deputy chief for operations, Director Gen. Archie Francisco Gamboa; Directorial Staff chief, Lt. Gen. Camilo Pancratius Cascolan; and, National Capital Region Police Office (NCRPO) director, Maj. Gen. Guillermo Eleazar.

He said the three police officials have also been named by former PNP chief and Senator Ronald "Bato" dela Rosa as his "bets" for the PNP's top post.

"Kasi sila naman ang medyo senior at sila ang (They are senior and are) next in line besides of course kay Gen. Eleazar who is class '87 pero doon sa performance naman niya (based on his performance) I think he will do good also the same as the other two, Gen. Cascolan and Gen. Gamboa," said Albayalde in a press briefing.

He said the three officials "have the credentials" and deserve to be the next PNP chief.

Albayalde, the country's 22nd PNP chief, will retire on Nov. 8 upon reaching the mandatory retirement age of 56. He replaced dela Rosa who retired in April 2018.

Like Albayalde, Gamboa and Cascolan were also members of the Philippine Military Academy Sinagtala class 1986.

Gamboa and Cascolan will reach the mandatory retirement age in September and November 2020, respectively. ***(PNA)***

# 5 suspects found dead inside 'drug den' in Bulacan

**CITY OF SAN JOSE DEL MONTE, Bulacan —** Five drug suspects were found dead with bullet wounds inside a house in Purok 4, Barangay San Pedro, in this city early Thursday morning.

An initial report by Lt. Col. Orlando Castil Jr., city police chief, said the victims were Juliet Fernandez, alleged maintainer of the drug den; Norberto Oden, 63, identified as cohort of Fernandez; Manuelito Bergonio, included in the drug watch list and with pending case of carnapping; a certain alias Mel Diezel, included in the unified drug list of PNP/PDEA and one still unidentified person.

Sergio Yumol, a resident of the place, discovered the lifeless bodies of the victims inside the living room of the said house around 6:10 a.m.

"Investigations showed that the house is being used as a drug den of illegal drug personalities in the area and that some of the victims were reported to be responsible in the proliferation and distribution of illegal drugs in the city," Castil said.

He also said that interviews with relatives and neighbors disclosed that the victims are known personalities involved in illegal drug activities.

Bulacan SOCO team led by Lt. Mario Lazaro checked out the crime scene at about 8:30 a.m. and retrieved 10 pieces of fired .45-caliber cartridges, six pieces .40-caliber cartridges, two pieces live ammunition for .45-caliber, two .40-caliber fired bullets and one big heat-sealed plastic sachet containing seven pieces of small plastic sachets of shabu.

Investigators are still looking for possible witnesses to the massacre and possible identifications of the suspects.

The police chief also said that they were reviewing the closed-circuit television footage in the area to identify the assailants. ***(PNA)***

# KALIBRE



ROMY SANTOS
0977-7844136

## Salamat po

**NITONG** nakalipas na Mayo 18 ay nairaos ang simpleng selebrasyon ng ika-3 taong anibersaryo ng HANEP 'Basahin Mo Ito.'

Ginanap ang kasiyahan sa Antonio's Place Private Pool and Event Venue sa 168 Ilang Ilang St. Ligas 3, Bacoor City, Cavite.

Ito ay mula alas-otso ng umaga hanggang alasingko ng hapon kaya masaya ang mga bata sa paliligo.

Nagkaroon ng maikling programa ng alas-dos ng hapon hanggang alas-kuwatro ng hapon.

Nasalang sa interbyu mula sa Cavite at Manila media ang panauhing si Councilor-elect Emelito Salinas Lontoc ng Noveleta, Cavite.

Makabuluhan ang ginawang pakikipanayaman kay Coun. Lontoc na may kaugnayan sa transportasyon ng kanilang bayan.

Kabilang din ang gagawing pagkilala ng munisipyo ng Noveleta sa mga tumayong bayani noong panahon ng Ikalawang Digmaan.

Napuri rin ni Lontoc ang kapulisan ng Noveleta tungo sa pagpapatupad ng seguridad at kapayapaan sa bayan.

Siyempre ay hindi nakalimutan ni Lontoc ang pagbibigay pugay sa butihin at masipag na alkalde ng Noveleta na si Dino Reyes Chua.

Kagaya ng aking nababanggit, basbas at pahintulot ng Panginoong Diyos ang pagkakasapit ng HANEP sa ikatatlong taon.

Umaasa ako at naniniwala na ipagkakaloob ng Panginoong Diyos ang mas marami pang taon sa pahayagang ito.

Sa lahat ng dumalo ay wala akong masasambit kundi ang salamat po.

Salamat **Coun. Lontoc**, veteran journalist **Ely Taparan**, PIA Manager **Ruel Francisco**, CPPLI Secretary **Franz Orlain**, **Domz Caoili**, **Boz Neng**, **Ate Elsie** at **Arnel Reyes**.

Kina **C. Heramis**, mag-asawang **Jimmy at Virgie Hao** pati sa radio reporter at online anchor na si **Rudy Bonifacio**.

Kung may nakaligtaan man, paumanhin, basta muli ay salamat po.



ARESTADO sa isinagawang buy bust operation ng PNP -PCP-5 Anti-Illegal Drugs Operation ang suspek na si Eleodoro Robiego, aka Sonny, na nahulihan ng 4 na pirasong heat sealed transparent plastic sachet containing white crystalline suspected na shabu, 2 pirasong one hundred Piso bill at isang pirasong card holder color green mark as ERT -4-05-20-19 /w signature na naganap sa Sampaloc. JIMMY HAO